

Education (K-12) Toolkit

Social Media

Ang mga sumusunod ay pwedeng gawin at gamitin sa mga personal na social media page o sa pamamagitan ng mga organisasyon para tulungang ikalat ang kamalayan tungkol sa mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California. Ang mga Hashtags (#) ay tumutulong sa iba na naghahanap ng impormasyon upang tingnan ang mga post na nagte-trending, habang ginagamit ang simbolo na tag na @ ang ibang mga organisasyon ay (gumamit ng @Cal_OES para sa Twitter at @CaliforniaOES para sa Facebook).

- Handa ba ang lahat ng ating mga estudyante sa isang #earthquake? Alamin ang mga mapagkukunan upang ikaw ay matulungan at ang iyong estudyante na handa sa campus at sa tahanan, sa earthquake.ca.gov
- Hikayatin ang mga estudyante na ang pagiging handa ay isang mahalagang leksyon. Alamin kung paano ang #EarthquakeWarningCA ay makatutulong sa mga estudyante at [TEACHERS / FACULTY] maging isang hakbang na nauuna sa panahon ng lindol: earthquake.ca.gov
- Ang pagiging nakahanda sa lindol ay mahalagang leksyon upang turuan ang mga estudyante, maging sila ay nasa campus o naka-enroll sa distance learning. Alamin ang tungkol sa mga babala sa earthquake.ca.gov.
- Maaaring mangyari ang mga lindol sa anumang oras at maaaring magresulta ng malubhang mga pinsala. Maaaring magbigay ang mga kagamitan ng @cal_oes #EarthquakeWarningCA sa mga tagapagturo ng paaralan ng ilang kaunting mga sandali ng babala upang tulungan ang mga estudyante na mananatiling ligtas bago at sa panahon ng #earthquake .
- Ang mga kagamitan ng #EarthquakeWarningCA ay isinasama sa aming mga plano ng emerhensya sa lindol ng K-12. Alamin ang higit pa tungkol sa pagiging nangunguna ng California sa sistemang babala ng bansa sa earthquake.ca.gov.
- [SCHOOL NAME] ay tumutulong na turuan ang ating estudyante, kawani, at ang kanilang mga pamilya kung paano ang maging handa sa #earthquake. Alamin ang higit pa sa earthquake.ca.gov.
- [SCHOOL NAME] ang mga estudyante ay makakakita ng libreng mga mapagkukunan sa earthquake.ca.gov para sa kanilang mga mobile device upang tulungang bigyan ng ilang mga segundo ng babala upang ikaw ay DUMAPA, MAGTAGO at MAG-ANTABAY bago ang #earthquake.

Wika sa Newsletter

Gamitin ang wika sa ibaba para kopyahin/i-paste at ibahagi sa ibang mahahalagang tagapanood sa pamamagitan ng mga emai blast, newsletter o iba pang mga

channel. Mangyaring maging libre na aayusin o gawing pang-personal kung kinakailangan.

Ang natural na mga sakuna, tulad ng mga lindol, ay hindi inaasahang mangyayari, at makakalikha ng malaking pagkagambala sa mga campus ng K-12 na mananatiling matagal matapos ang pangyayari. Ang mga sitwasyon ng emerhensya ay pipilitin ang mga guro at mga estudyante na madaling maghanap ng silungan o lumikas sa kanilang campus o sa kanilang tahanan. Sa pagiging handa at pagpapalano sa hinaharap, ang mga guro at mga estudyante ay madaling makakagawa ng mga kilos ng pagliligtas ng buhay upang sila ay mananatiling ligtas sa lindol. Mahalaga para sa lahat ng mga campus na maghanda ng plano para sa sakuna; para sa mga estudyante at mga guro na kilalanin ang ligtas na mga lugar na magtago sa silid-aralan, sa campus, o sa tahanan sa panahon ng distance learning; kilalanin ang mga ruta ng emerhensyang pagtakas; at ang bawat silid-aralan na magkaroon ng emerhensyang supply kit na handang magagamit.

Upang siguraduhin na ang lahat ng mga guro at mga estudyante ay nakahanda sa lindol, ang California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ay bumuo ng [Earthquake Warning California](#), na kung saan ito ay pinakaunang sistema ng babala sa lindol sa buong estado na nagbibigay ng maraming mga segundo ng babala sa mga user ng mobile device sa lugar bago mangyayari ang pagyanig.

Nag-aalok ang Earthquake Warning California ng walang gastos na mapagkukunan ng babala sa lindol, gaya ng:

- **[MyShake App](#)**. Isang mobile app na pwedeng i-download para sa mga mobile device ng walang bayad sa Google Play at Apple App Store. Dapat naka-set sa "always on" ang mga serbisyong lokasyon sa App para maalertuhan ng sensor ng lupa ang mga nasa malapit sa lugar kapag na-detect ang pagyanig.
- **[Mga Android Earthquake Alert](#)**. Available ang system ng babala ng lindol sa alinmang bago o na-update na mga Android device na gumagamit ng katulad na teknolohiya tulad ng MyShake App.
- **[Mga Wireless Emergency Alert \(WEAs\)](#)**. Ang mga text-like na mga mensahe mula sa pamahalaan sa panahon ng sitwasyong emerhensya. Ito ay kabilang ang: Presidential, Napipintong Pagbabanta (sunog,lindol, mga pagbaha, atbp.), at mga alertong AMBER.

Hikayatin namin ang mga guro at mga estudyante na gamitin ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California, na mag-aabiso sa mga user na madaling makagawa ng kilos tulad ng dumapa, magtago at mag-antabay. Ang mga mapagkukunan na ito ay mahalaga kapag ang mga estudyante ay nandoon at wala sa campus (remote learning), dahil ang lindol ay maaaring tumama sa anumang oras.

Tutulong ang kagamitan sa babala ng lindol na protektahan ang mga buhay at maiwasan ang pagkasira ng mga ari-arian sa mga lugar na lubhang tinamaan ng lindol. Sa panahon ng mga sitwasyong malubhang pagyayanig, ang mga indibidwal ay maaaring dumapa sa lupa, kaya alamin kung gaano ka-kritikal ang Dumapa, Magtago at Mag-antabay.

Upang alamin ang higit pa tungkol sa Earthquake Warning California, ang walang bayad na mga kagamitan ng babala, at karagdang mga mapagkukunan ay makukuha ng publiko, bisitahin ang earthquake.ca.gov.

Ang paaralan na sama-samang naghahanda ay magpapaliit sa resulta ng sakuna ng malaking lindol. Mag-subscribe sa newsletter ng Earthquake Warning California sa website upang makakatanggap ng mga toolkit ng kampanya, mga grapiko, at ang pinakahuling balita at mga update, o email sa earthquakeinfo@caloes.ca.gov.